**Acordesweb.com**

**Magda**
**Gloc-9**

This is my first tab/chord. Parang mga 90-97% ito talaga ang chords. hope you like it. :D

Kung may improvements, paki send nalang sa ginnophillip.bacang@facebook.com

[Intro]

**Am**-**Dm**-**G**-**C** **Am**-**Dm**-**E**-**Am** (ONE SOFT STRUM EACH CHORD)
THEN **Am**-**Am**  (FIRST **Am**, HIT THE **E A D** STRINGS; SECOND **Am**, HIT THE **G B E** STRINGS)

[Chorus 1]

**Am**              **Dm**
MAGDALENA ANONG PROBLEMA
**G**                **C**
BAKIT  DI KA MAKAWALA SA KADENA
**Am**              **Dm**
AT SA GABI-GABI IKAW AY NASA SELDA
**E**                **Am**
NA HANAPBUHAY MO NGAYON

**Am**              **Dm**
MAGDALENA ANONG PROBLEMA
**G**                   **C**
ALAM NAMAN NATIN NA DATI KANG NENA
**Am**              **Dm**
AT SA IYONG AMA IKAW AY PRINSESA
**E**              **Am**
ANONG NANGYARI SA  YO

[Chorus 2]

**Am**
ITO Y KWENTO NG ISANG BABAENG
                          **E7**
TULOG SA UMAGA, GISING SA GABI
**Am**                         **Dm**
ANG KANYANG MUKHA Y PUNO NG KOLORETE
**Am**                      **E**
SA LUGAR NA ANG ILAW AY PATAY-SINDI
SIMULAN NATIN ANG ISTORYA
**Am**
AKO Y KANYANG MATALIK NA KAIBIGAN
ERNESTO ANG AKING PANGALAN

KWENTONG DAPAT NIYONG MALAMAN
**E**
 WAG NANG MAGBULAG-BULAGAN
**Am**
BAKIT ANG NAIS NATIN AY
MALAMAN ANG BAHO NG IBA
                **E**
PAG BIBIGYAN KITA
KILALA MO BA SI MAGDA

[Verse 1]

**Am**
NA AKING KABABATA
MULA PA NANG AKING PAGKABATA
KAMI Y LAGING MAGKASAMA
MGA BANGKANG PAPEL SA SAPA
KANYANG NGITI
LUMILIWANANG ANG PALIGID
AT  PAG SIYA Y DUMADAAN
**E**
MGA LEEG AY PUMIPILIPIT
**Am**
UBOD NG GANDA
NOONG SIYA AY NAGDALAGA
TUWING KAUSAP KO NA
MALIMIT AKONG TULALA
**E**
KAHIT MAY NARARAMDAMAN
PINILI KONG ISARA
ANG BIBIG AT PINTIG NG PUSO
PARA SA KANYA
**Am**
AT SA SAYAWAN
MATAPOS KAMING MAKAPAGTAPOS
DAHIL PINAWIS ANG MUKHA
AKO Y NAGPUNAS NG PULBOS
KAHIT PARANG HINDI PANTAY
NAGMAMADALING HINILA
PINAKILALA NIYA
**E**
LALAKE NA TAGA MAYNILA

[Chorus 1]

**Am**              **Dm**
MAGDALENA ANONG PROBLEMA
**G**                 **C**
BAKIT  DI KA MAKAWALA SA KADENA
**Am**              **Dm**
AT SA GABI-GABI IKAW AY NASA SELDA

**E                Am**
NA HANAPBUHAY MO NGAYON
**Am              Dm**
MAGDALENA ANONG PROBLEMA
**G                   C**
ALAM NAMAN NATIN NA DATI KANG NENA
**Am              Dm**
AT SA IYONG AMA IKAW AY PRINSESA
**E              Am**
ANONG NANGYARI SA  YO
**Am**
MARAMING TAON AKO Y NALIPASAN
PINILIT KO MANG TAKASAN
BAGKOS AY AKING NALAMAN
**E**
ANG TUNAY KONG KAILANGAN
**Am**
 DI MO MAIBALING
ANG PAGTINGIN KO SA IBA
**                E**
MINAMAHAL KO SIYA
HAHANAPIN KO SI MAGDA

[Verse 2]

**Am**
LUMUWAS HABANG NAGDARASAL
NA MAABUTAN
SA LUGAR NA ANG SABI Y
KANYANG PINAGTATRABHUHAN
NAKITA K ANG LARAWAN NIYA
NA NAKADIKIT SA PINTUAN
**E**
IBA MAN ANG KULAY NG BUHOK
 DI KO MALILIMUTAN
**Am**
ANG KANYANG MATA
AT ANG TAMIS NG KANYANG NGITI
DAHIL UBOD NG SAYA
HINDI NA NAG-ATUBILI
AGAD PUMASOK SA SILID
PERO BAKIT ANG DILIM
**E**
MADAMING LAMESA T
MGA NAG-IINUMANG LASING
**Am**
NANG BIGLANG NAGPALAKPAKAN
MAY MABAGAL NA KANTA
SA MALIIT NA ENTABLADO
AY NAKITA KO NA
AKO AY NAGTAKA
NAGTANONG, NAGKAMOT

**E**
BAKIT SIYA SUMASAYAW
NA SAPATOS LANG ANG SUOT

[Chorus 2]

**Am**
ITO Y KWENTO NG ISANG BABAENG
                          **E7**
TULOG SA UMAGA, GISING SA GABI
**Am**                          **Dm**
ANG KANYANG MUKHA Y PUNO NG KOLORETE
**Am**                      **E**
SA LUGAR NA ANG ILAW AY PATAY-SINDI

ITULOY NATIN ANG ISTORYA

[Verse 3]

**Am**
AGAD SIYANG SUMAMA SA  KIN
WALANG KAKABA-KABA
ANG TRATO NIYA SA  KIN AY NOBYO
TILA KATAKA-TAKA
BUMABA SA TAXING PINARA
SA MAY STA. MESA
**E**
PARANG AKO Y BIDA
SA MGA SUMUNOD NA EKSENA
**Am**
KUNG ITO AY PANAGINIP
AYOKO NANG MAGISING
NGUNIT AKO Y NANAGINIP
UMAGA NA NANG MAGISING
ANG MGA NAABUTAN KO LAMANG
AY MAY SOBRE SA LAPAG
**E**
LIHAM PARA SA  KIN
NA ISINULAT NIYA MAGDAMAG
**Am**
KAHIT GULONG-GULO ANG ISIP
PINILIT KONG BASAHIN
**E**
 DI MALILIMUTAN
ANG MGA SINABI NIYA SA AKIN

[Bridge] (JUST LIKE THE INTRO)

MAHAL KONG ERNESTO
ALAM KONG TULOG MO Y MALALIM

DI NA  KO NAGPAALAM
DI NA KITA GINISING
SALAMAT NGA PALA
SA PASALUBONG MONG KALAMAY
AT SA PINAKA MASAYANG GABI
NG AKING BUHAY
NUNG INIWAN KO ANG BARYO NATIN
ANG AKALA KO
ISANG TUNAY NA PAG-IBIG
ANG MATATAGPUAN KO
HINANAP KUNG SAAN-SAAN
AT KUNG KANI-KANINO
DI KO INAKALANG
ITO ANG KAHAHANTUNGAN KO
IMBES NA AKO Y SAGIPIN
ITINULAK SA BANGIN
ITO PALA NG IBIG SABIHIN
NG KAPIT SA PATALIM
KUNG MABAHO SABUNIN
KUNG MAKATI GAMUTIN
KUNG HINDI NA MASIKMURA
AY IBALING ANG TINGIN
KAHIT AKO AY BAYARAN
AT KALADKARING BABAENG
ALAM ANG AMOY NG LAWAY
NG IBAT-IBANG LALAKE
ISA LANG ANG KAYA KONG
SAYO Y MAIPAGMALAKI
IKAW LANG ANG BUKOD TANGING
HINALIKAN KO SA LABI
GUSTO KO MANG MANATILI
SAYO NG MGA YAKAP
AKO MA Y NATUTUWA
DAHIL AKO Y IYONG NAHANAP
WALA NA YATANG WALIS
ANG MAKAKALINIS NG KALAT
AT ANG KATULAD KO
SA  YO AY  DI KARAPATDAPAT
PINANGARAP KONG SA ALTAR
AKO Y IYONG IHATID
NGUNIT SA DAMI NG PAIT
ANG PUSO KO Y NAMANHID
DI KO MAKAKALIMUTAN
ANG PABAON MONG HALIK
PERO PAKIUSAP HUWAG KA NA
SANA PANG BABALIK
REGALO NG MAYKAPAL
NA IKAW AY MAKILALA
SALAMAT SA ALAALA
NAGMAMAHAL, MAGDA

[Chorus 1]

```
Am              Dm
MAGDALENA ANONG PROBLEMA
G                C
BAKIT  DI KA MAKAWALA SA KADENA
Am              Dm
AT SA GABI-GABI IKAW AY NASA SELDA
E                Am
NA HANAPBUHAY MO NGAYON

Am              Dm
MAGDALENA ANONG PROBLEMA
G                   C
ALAM NAMAN NATIN NA DATI KANG NENA
Am              Dm
AT SA IYONG AMA IKAW AY PRINSESA
E              Am
ANONG NANGYARI SA  YO

Am(FADING)
ITO Y KWENTO NG ISANG BABAE
```